

MGA PARTIDO SA PAG-ARKILA		
Umaarkila	Address ng Kung Saan Igagarahe ang Sasakyan	Tagapag-arkila (Dealer)
Ka-arkila		

INAARKILANG SASAKYAN ("SASAKYAN")						
BAGO <input type="checkbox"/>	TAON	GAWA	MODELO	ESTILO NG KATAWAN	NUMERO NG PAGKAKAKILANLAN NG SASAKYAN	BASA SA ODOMETER
DEMO <input type="checkbox"/>						
GAMIT NA <input type="checkbox"/>						

Ang sasakyan ay pangunahing gagamitin para sa Personal, Pampamilya o Pambahay na mga layunin  Negosyo, Komersiyal, o Pang-agrikultura na mga layunin

Ang kahon sa ibaba ay para sa karagdagang mga kasunduan sa pagitan ng mga partido Kung walang naturang mga kasunduan, punan ng N/A o katulad na katawagan.

--	--	--	--	--	--	--

IPALIT NA SASAKYAN AT KALUWAGAN			
Taon _____	Gawa _____	Pagmamay-ari <input type="checkbox"/> Inarkila <input type="checkbox"/>	Kaluwagan sa Kabuuang Halaga ng Ipapalit \$ _____ (Kabuuang Napagkasunduang Halaga ng Pagpapalit)
Modelo _____			Balanse Bago ang Pautang or Pag-arkila \$ _____
VIN _____			Netong Kaluwagan sa Pagpapalit = \$ _____

URI NG PAG-ARKILA			
<p>Ito ay isang kasunduan upang mag-arkila ng Sasakyan. Ang Kasunduan sa Pag-arkila ng Sasakyang De-Moter ("Pag-arkila") na ito, sa pagitan ng (mga) umaarkila ("Umaarkila") at ng nakapirmang tagapag-arkila ("Tagapag-arkila") na ang mga pangalan at address ay nakalista sa itaas ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon kaugnay sa pag-arkila ng Sasakyan. Tulad ng ginamit sa Pag-arkilang ito, ang mga salitang "ikaw" o "iyo" ay tumutukoy sa Umaarkila at "kami" o "amin" ay tumutukoy sa Tagapag-arkila (o mga kahalili at itinalaga). Sumasang-ayon ka na umarkila ng Sasakyan mula sa amin alinsunod sa mga tuntunin ng Pag-arkilang ito. Kung higit sa isa ang Umaarkila na pipirma sa Pag-arkila na ito, ang bawat Umaarkila ay maaaring indibiduwal na mananagot sa buong halagang inutang sa ilalim sa Pag-arkilang ito. Mangyaring tandaan na ito ay isang Pag-arkila, at hindi kasunduan sa pagbili. Samakatuwid, pagmamay-ari namin ang Sasakyan</p>			
PETSA NG PAG-ARKILA: _____	TERMINO NG PAG-ARKILA: _____	BUWAN	ISAHANG BAYAD NA PAG-ARKILA: <input type="checkbox"/> PUMIRMA AT IMANEHO NA PAG-ARKILA*: <input type="checkbox"/> <small>(lagyan ng tsek kung naaangkop) (lagyan ng tsek kung naaangkop)</small>
* Kung ito ay isang Pumirma at Imaneho na Pag-arkila, babayaran ng Santander Auto Lease Titling Ltd. ang unang Buwanang Bayad na inilarawan sa Seksyon 2.A sa ibaba.			

MGA PAGLALAHAD SA PEDERAL NA BATAS SA PAG-ARKILA NG MAMIMILI			
<b>1. HALAGANG BABAYARAN SA PAGPIRMA NG PAG-ARKILA O PAGHATID</b> (Nakabalangkas sa Ibaba)**  \$ _____	<b>2. BUWANAN O ISAHANG BAYAD</b> <b>A.</b> Ang iyong unang Buwanang Bayad ng \$ _____ ay nakatakda sa _____ na susundan ng _____ mga bayad ng \$ _____ na nakatakda sa _____ ng bawat buwan, simula sa _____. <b>B.</b> Ang kabuuan ng iyong Buwanang mga Bayad ay \$ _____. <b>C.</b> Ikung ito ay Isahang Bayad na Pag-arkila, ang iyong Isahang Bayad ng \$ _____ ay nakatakda sa _____ sa Pagpirma ng Pag-arkila o Paghatid..	<b>3. IBANG MGA SINGIL</b> (hindi kasama sa iyong Buwanang Bayad o Isahang Bayad) <b>A.</b> Bayad sa Pagbalik (kung hindi mo bibilhin ang Sasakyan) \$ _____ <b>B. Kabuuan</b> \$ _____	<b>4. KABUUNANG MGA BAYAD</b> (Ang halagang iyong babayaran sa katapusan ng Pag-arkila)  \$ _____ ((Kabuuang ng mga Seksyon 1, 2.B o 2.C (kung naaangkop) at 3.B, mababawas ang mga Seksyon 5.A.2 o 5.A.3 (kung naaangkop) at 5.A.4)

**5. \*\*PAGBABALANGKAS NG HALAGANG BABAYARAN SA PAGPIRMA NG PAG-ARKILA O PAGHATID**

**A. HALAGANG BABAYARAN SA PAGPIRMA NG PAG-ARKILA O PAGHATID**

- (1) Ipinuhunang Pagbabawas ng Gastos \$ \_\_\_\_\_
- (2) Unang Buwanang Bayad \$ \_\_\_\_\_
- (3) Isahang Bayad \$ \_\_\_\_\_
- (4) Maibabalik na Deposito sa Seguridad \$ \_\_\_\_\_
- (5) Mga Bayad sa Pagpapatitulo \$ \_\_\_\_\_
- (6) Mga Bayad sa Pagpaparehistro \$ \_\_\_\_\_
- (7) Mga Bayad sa Lisensya \$ \_\_\_\_\_
- (8) Buwis sa Direktang Pagbebenta/Paggamit \$ \_\_\_\_\_
- (9) Buwis sa Ipinuhunang Pagbabawas ng Gastos \$ \_\_\_\_\_
- (10) Bayad sa Pagkuha \$ \_\_\_\_\_
- (11) Bayad sa Pagproseso ng Dokumentasyon (hindi bayad sa gobyerno) \$ \_\_\_\_\_
- (12) Singil sa Paglipat sa Elektronikong Sasakyan o Pagpaparehistro (hindi bayad sa gobyerno) \$ \_\_\_\_\_
- (13) Mga Bayad sa Gulong sa California \$ \_\_\_\_\_
- (14) \_\_\_\_\_ \$ \_\_\_\_\_
- (15) \_\_\_\_\_ \$ \_\_\_\_\_
- (16) \_\_\_\_\_ \$ \_\_\_\_\_
- (17) **KABUUAN** \$ \_\_\_\_\_

**B. PAANO BABAYARAN ANG HALAGANG KAILANGANG BAYARAN SA PAGPIRMA NG PAG-ARKILA O PAGHATID:**

- (1) Netong Kaluwagan sa Pagpapalit (kung positibo) \$ \_\_\_\_\_
- (2) Mga Diskwento at Pautang na Hindi Pera \$ \_\_\_\_\_
- (3) Halagang Babayaran sa Pera \$ \_\_\_\_\_
- (4) **KABUUAN** \$ \_\_\_\_\_

**6. ANG IYONG BUWANAN O ISAHANG BAYAD AY NATUKOY AYON SA IPINAPAKITA SA IBABA:**

- A. KABUUNANG IPINUHUNANG GASTOS.** Ang Napagkasunduang Halaga ng Sasakyan (\$ \_\_\_\_\_) at anumang mga bagay na iyong babayaran sa Termino ng Pag-arkila (tulad ng kontrata ng serbisyo, seguro, at mga hindi nabayarang balanse bago ang pautang o pag-arkila) \$ \_\_\_\_\_
- B. IPINUHUNANG PAGBABAWAS NG GASTOS.** Ang halaga ng anumang netong kaluwagan sa pagpapalit, diskwento, pautang na hindi pera o pera na iyong ibabayad na babawas sa Kabuuang Ipinuhunang Gastos — \$ \_\_\_\_\_
- C. INAYOS NA IPINUHUNANG GASTOS.** Ang halagang ginamit sa pagkalkula sa iyong Batayang Buwanang Bayad o Batayang Isahang Bayad = \$ \_\_\_\_\_
- D. NATITIRANG HALAGA.** Ang halaga ng Sasakyan sa pagtatapos ng Pag-arkila na ginagamit sa pagkalkula ng iyong Batayang Buwanang Bayad o Batayang Isahang Bayad.† — \$ \_\_\_\_\_
- E. PAGBABA NG HALAGA AT ANUMANG AMORTIZED NA MGA HALAGA.** Ang halaga na sisingilin para sa pagbaba ng halaga ng Sasakyan dahil sa karaniwang gamit at para sa ibang mga gamit na binabayaran sa Termino ng Pag-arkila = \$ \_\_\_\_\_
- F. SINGIL SA RENTA.** Ang halagang isisingilil karagdagan sa Pagbaba ng Halaga at anumang Amortized na mga Halaga + \$ \_\_\_\_\_
- G. KABUUNANG BATAYANG BUWANANG MGA BAYAD O ISAHANG BAYAD.** Ang Pagbaba ng Halaga at anumang Amortized na mga Halaga dagdag ang Singil sa Renta = \$ \_\_\_\_\_
- H. MGA BAYAD SA PAG-ARKILA.** Ang bilang ng mga bayad sa iyong Pag-arkila ÷ = \$ \_\_\_\_\_
- I. ANG BILANG NG MGA BAYAD SA IYONG PAG-ARKILA** + \$ \_\_\_\_\_
- J. BUWIS SA PAGBEBENTA/PAGGAMIT** + \$ \_\_\_\_\_
- K. \_\_\_\_\_** + \$ \_\_\_\_\_
- L. \_\_\_\_\_** + \$ \_\_\_\_\_
- M. KABUUNANG BUWANANG BAYAD ("BUWANANG BAYAD") O KABUUNANG ISAHANG BAYAD ("ISAHANG BAYAD")** = \$ \_\_\_\_\_

**MAAGANG PAGTATAPOS** Maaaring kailangan mong magbayad ng makabuluhang singil kung tatapusan mo ang Pag-arkilang ito nang maaga. Ang singil ay maaaring umabot ng hanggang ilang libong dolyar. Ang aktuwal na singil ay magdedepende sa kung kailan tatapusan ang Pag-arkila. Kung mas maaga mo tatapusan ang Pag-arkila, malamang na mas malaki ang singil.

**7. LABIS NA PAGKASIRA AT PAGGAMIT.** Maaaring singilin ka para sa labis na pagkasira batay sa aming mga pamantayan para sa karaniwang gamit at para sa sobrang agwat ng milya ng iyong nakontratang halaga ng milya ("Regular na Agwat ng Milya", dagdag ang Karagdagang mga Milya), sa \$ \_\_\_\_\_ kada milya. Ang "Regular na Agwat ng Milya" ay dapat \_\_\_\_\_ milya kada taon. Mayroon kang opsyon na bumili ng mga milya sa pagpirma ng Pag-arkila. Sumasang-ayon ka sa pamamagitan nito na bumili ng \_\_\_\_\_ milya sa \$ \_\_\_\_\_ kada milya ("Karagdagang Milya"). Ang mga halagang binayaran para sa Karagdagang Milya na hindi nagamit sa pagtatapos ng Pag-arkilang ito ay hindi maibabalik.

Kung ang kahong ito ay nilagyan ng tsek, ang Sasakyan ay ginamit nang higit sa 500 milya bago ang simula ng Pag-arkilang ito at kinikilala mo, sumasang-ayon ka, at nauunawaan mo, na ang kabuuang pinahihintulatang milya sa odometer bago ka magsimulang magtamo ng mga singil sa labis na paggamit sa nakatakdang pagtatapos ay \_\_\_\_\_ na kasama ang mga milyang nagamit na ng Sasakyan sa pagpapatupad ng Pag-arkila.

**8. OPSYON SA PAGBILI SA PAGTATAPOS NG TERMINO NG PAG-ARKILA.** Mayroon kang opsyon na bilhin ang Sasakyan sa pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila sa (i) Natitirang Halaga, dagdag ang (ii) anumang nakaraang hindi nabayarang Buwanang mga Bayad at anumang iba pang mga halagang babayaran sa ilalim ng Pag-arkilang ito, dagdag ang (iii) opisyal na mga bayad at buwis, dagdag ang (iv) \$350 na bayad sa opsyon sa pagbili (ang "Bayad sa Opsyon sa Pagbili"), dagdag ang (v) pandokumento o iba pang administratibong bayad na maaaring singilin ng dealer o ikatlong partidong nagpoproseso ng naturang pagbili, hanggang sa pinakamataas na pinahihintulatan ng naaangkop na batas ng estado. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong mas gustong dealer para sa halaga ng naturang pandokumento o administratibong bayad.

**9. IBANG MAHAHALAGANG MGA TUNTUNIN.** Basahin ang lahat ng pahina ng Pag-arkilang ito para sa karagdagang impormasyon sa maagang pagtatapos, mga opsyon sa pagbili at mga responsibilidad sa pagpapanatili, mga garantiya, mga singil sa huling pagbabayad o hindi pagbabayad, seguro, at anumang mga interes sa seguridad, kung naaangkop.

**10. PAGBABALANGKAS NG KABUANG IPINUHUNANG GASTOS**

A. Pinagkasunduang Halaga ng Sasakyan na May Gamit sa Pagpirma ng Pag-arkila	\$ _____	F. Opsyunal na Kontrata sa Serbisyo	+\$ _____
B. Mga Aksesyorya at Opsyunal na mga Gamit na Sumang-ayon ang Tagapag-arkila na Idagdag Pagkatapos ng Pagpirma ng Pag-arkila		G. Opsyunal na Kontrata sa Pagpapanatili	+\$ _____
1. _____	+\$ _____	H. Bayad sa Pagkuha	+\$ _____
2. _____	+\$ _____	I. Bayad sa Pagproseso ng Dokumento (hindi bayad sa gobyerno)	+\$ _____
3. _____	+\$ _____	J. Singil sa Paglipat sa Elektronikong Sasakyan o Pagpaparehistro (hindi bayad sa gobyerno)	+\$ _____
4. _____	+\$ _____	K. California Tire Fees	+\$ _____
5. _____	+\$ _____	L. _____	+\$ _____
Kabuuang mga Aksesyorya at Opsyunal na Gamit na Idagdag	+\$ _____	M. _____	+\$ _____
C. Mga Bayad sa Lisensya/Pagpaparehistro/Pagpapatitulo	+\$ _____	N. _____	+\$ _____
D. BUWIS SA PAGBEBENTA/PAGGAMIT	+\$ _____	O. _____	+\$ _____
E. Netong Kaluwagan sa Pagpapalit (kung negatibo)	+\$ _____	P. Mga Bayad sa Gulong sa California	=\$ _____

**11. OPISYAL NA MGA BAYAD AT BUWIS**

Babayaran mo sa takdang panahon ang lahat ng mga bayad sa paglilisensya, pagpapatitulo, pagpaparehistro, pagsusubok, at pagsusuri at mga buwis ng gobyerno para sa Sasakyan kahit kasama sa iyong Buwanan o Isahang Bayad o sa ibang mga halaga na ibinayad sa Tagapag-arkila. Babayaran mo ang lahat ng mga buwis na kailangang bayaran sa ilalim ng Pag-arkila o may kaugnayan sa Sasakyan na ipapataw ng gobyerno sa iyo, sa Sasakyan, o sa Tagapag-arkila, kahit pa ang mga ito ay babayaran pagkatapos ng pagtatapos ng Pag-arkila. Ang iyong Buwanang Bayad ay maaaring magbago kung magbago ang mga buwis o bayad at maaaring sisingilin ka nang hiwalay para sa mga buwis at bayad.

**Tinatayang Opisyal na mga Bayad at Buwis na Dapat Mong Bayaran sa Panahon ng Pag-arkila.** Ang kabuuang halaga na tinataya ng Tagapag-arkila na iyong babayaran para sa opisyal na mga bayad at bayad sa paglilisensya, pagpaparehistro, pagpapatitulo, at mga buwis sa kabuuan ng Termino ng Pag-arkila, kasama man sa iyong Buwanan o Isahang Bayad o tinatasa na hindi kasama: \$ \_\_\_\_\_. Ang aktuwal na kabuuan ng opisyal na mga bayad at buwis ay maaaring mas mataas o mas mababa depende sa halaga ng buwis na may bisa, lokasyon o halaga ng Sasakyan kung kailan ang bayad o buwis ay tinasa.

**12. SEGURO**

**WALANG PISIKAL NA SIRA O PANANAGUTAN SA SAKLAW NG SEGURO PARA SA PINSALA SA KATAWAN O SIRA SA ARI-ARIAN NA IDINULOT SA IBA ANG KASAMA SA PAG-ARKILANG ITO.** Bilang resulta, ikaw ang mananagot para sa anumang pisikal na sira sa Sasakyan at anumang pinsala sa katawan, pagkamatay, personal na pinsala o sira sa ari-arian na lilitaw mula sa iyo o sinumang taong gumagamit ng Sasakyan. Sumasang-ayon ka na magpapanatili nang buong puwersa at kukuha ng pangunahin at hindi nag-aambag na seguro na may hindi bababa sa sumusunod na pinakamababang mga limitasyon at saklaw sa panahon ng Termino ng Pag-arkila at hanggang sa maibalik sa amin ang Sasakyan: (1) Seguro sa pananagutan na kinakailangan ng naaangkop na batas ng estado, kabilang ang anumang batas sa walang kasalaan at walang segurong motorista; (2) Seguro sa banggaan na may mga limitasyong hindi bababa sa aktuwal na halaga ng Sasakyan na may pinakamataas na mababawas na \$1,000; (3) Komprehensibong seguro kabilang ang panganib ng sunog, panahon, paninira at pagnanakaw, na may mga limitasyong hindi bababa sa aktuwal na halaga ng Sasakyan na may pinakamataas na mababawas na \$1,000; at (4) dapat nakalista ka bilang nakaseguro sa polisiya ng seguro. **Nauunawaan mo na ang polisiya ng seguro ay dapat bigyan ang Santander Auto Lease Titling Ltd. ng pangunahing saklaw bilang karagdang nakaseguro sa Bilang (1) at bilang binabayaran ng kawalan sa mga Bilang (2) at (3). Dapat isaad ng polisiya na ang Santander Auto Lease Titling Ltd. ay bibigyan ng hindi bababa sa 10 araw na abiso sa anumang pagkansela, hindi pagpapanibago, pagbabawas ng limitasyon o mahahalagang mga pagbabago sa saklaw. Sumasang-ayon ka na bumili ng seguro mula sa isang kumpanya ng seguro na makatuwirang katanggap-tanggap sa Santander Auto Lease Titling Ltd. at bibigyan ang Santander Auto Lease Titling Ltd. ng una at pagpanibagong mga sertipiko ng seguro na nagpapatunay ng saklaw.**

**13. MGA GARANTIYA NG SASAKYAN**

Ang Sasakyan ay saklaw ng karaniwang garantiya ng tagagawa para sa bagong sasakyan. **PINAPAARKILA NG TAGAPAG-ARKILA ANG SASAKYAN SA IYO SA KASALUKUYANG KONDISYON ("AS IS"), MALIBAN KUNG ISINAAD SA PAG-ARKILANG ITO AT (MALIBAN KUNG IPINAGBABAWAL NG BATAS) ANG TAGAPAG-ARKILA AY HINDI GUMAGAWA NG MALIWANAG O IPINAHIWATIG NA MGA GARANTIYA O REPRESENTASYON SA KUNDISYON, PAGKAMAIBENTA, KAANGKUPAN O KAAYUSAN NG SASAKYAN (O ALINMAN SA MGA BAHAGI O AKSESORYA NITO) PARA SA ANUMANG PARTIKULAR NA LAYUNIN AT ANG TAGAPAG-ARKILA AY GUMAGAWA NG WALANG IBANG MGA REPRESENTASYON O ANUMANG GARANTIYA.**

#### 14. OPSYUNAL NA SEGURO AT KARAGDAGANG MGA PRODUKTO

Hindi mo kinakailangang bumili ng anumang seguro, kontrata, kasunduan o produktong nakalista sa Bahaging ito upang arkilahin ang Sasakyan. Yang iyong pasyang bilhin ang mga ito ay hindi salik sa aming pasya na aprubahan ang Pag-arkilang ito. Kukunin namin ang anumang opsyunal na (mga) saklaw ng seguro na iyong lalagyan ng inisyal sa ibaba. Ang abisong matatanggap mo kapag pumirma ka sa Pag-arkilang ito ay maglalarawan ng (mga) saklaw nang mas detalyado. Maaaring hindi saklaw ng seguro sa buhay at seguro sa kapansanan ang mga buwis at ibang mga halagang babayaran maliban sa Batayang Buwanang mga Bayad.

Opsyunal na Produkto	Singil o Premium	Saklaw	Tagapagbigay	Termino	Sa pamamagitan ng paglagay ng inisyal sa ibaba, ipinapahiwatig mo na pinili mong bumili ng Opsyunal na Produkto
Kontrata sa Serbisyo	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyal ng Umaarkila/Ka-Arkila
Kontrata sa Pagpapanatili	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyal ng Umaarkila/Ka-Arkila
Pagkasira sa Paggamit	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyal ng Umaarkila/Ka-Arkila
Iba pa _____	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyal ng Umaarkila/Ka-Arkila
Iba pa _____	\$ _____				_____ / _____ ✓ Mga Inisyal ng Umaarkila/Ka-Arkila

#### 15. MGA SINGIL SA HULING PAGBABAYAD / SINGIL SA IBINALIK NA INSTRUMENTO / DEPOSITO SA SEGURIDAD

- A. MGA SINGIL SA HULING PAGBABAYAD.** Kung ito ay Isahang Bayad na Pag-arkila, hindi ka mananagot para sa anumang mga singil sa huling pagbabayad. Kung ito ay Buwanang Bayad na Pag-arkila, at kung ang Tagapag-arkila ay hindi makatanggap ng lahat o anumang bahagi ng anumang bayad sa loob ng 10 araw ng takdang petsa dapat mong bayaran ang Tagapag-arkila ng singil na \$35 sa huling pagbabayad o naturang mas mababang pinakamataas na halaga ayon sa isinaad ng batas.
- B. SINGIL SA IBINALIK NA INSTRUMENTO.** Kung anumang tseke, draft o katulad na paraan na iyong pinadala bilang bayad ay ibinalik sa amin na hindi bayad sa anumang dahilan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, hindi sapat na pondo, dapat mong bayaran ang singil na \$25 sa ibinalik na instrumento, o naturang mas mababang halaga na pinahihintulutan ng batas, dagdag pa sa anumang mga halaga na inisingil sa iyo ng anumang iba pang partido at ang halaga ng hindi tinanggap na instrumento. Kung walang naturang halaga ang pinahihintulutan ng batas, wala kang utang na singil sa ibinalik na instrumento.
- C. MAIBABALIK NA DEPOSITO SA SEGURIDAD.** Sumasang-ayon ka na ang deposito sa seguridad ay maaaring kailangan sa Pag-arkilang ito at ang Tagapag-arkila ay maaaring hawakan ang deposito sa seguridad. Anumang interes o benepisyonang pera na maaaring maipon ay hindi ibabayad sa iyo at hindi gagamitin upang mabawasan ang iyong obligasyon sa ilalim ng Pag-arkilang ito. Ang deposito sa seguridad ay hindi maaaring gamitin para sa Buwanang Bayad. Papanatilihin ng Tagapag-arkila ang anumang mga halagang hinawakan bilang deposito sa seguridad hanggang lahat ng mga halagang babayaran sa ilalim ng Pag-arkilang ito ay nabayaran nang buo, kabilang ang personal na mga buwis sa ari-arian, at maaaring gamitin ng Tagapag-arkila ang deposito sa seguridad para sa anumang hindi nabayaranang mga halaga.

#### 16. PAGGAMIT / PAGPAPANATILI SA NG SASAKYAN

- A. PAGGAMIT NG SASAKYAN.** Responsibilidad mo ang lahat ng mga gastos sa pagpapaandar na lilitaw mula sa paggamit ng Sasakyan. Ipinangako mo na ikaw o sinuman ay hindi: (1) gagamitin ang Sasakyan sa anumang paraang ilegal; (2) gagamitin ang Sasakyan sa anumang paraan na maaaring magsanhi sa pagkansela o pagsuspende ng kinakailangang seguro, garantiya o iba pang proteksyon; (3) gagamitin ang Sasakyan bilang pampubliko o pribadong tagahatid; (4) tatanggalin ang Sasakyan nang higit sa 30 araw mula sa estado kung saan ka nakatira o mula sa Estados Unidos; (5) babaguhin o tatanggalin ang gamit mula sa Sasakyan na magpapababa ng halaga nito; (6) gagamitin ang Sasakyan sa serbisyong paghatid o paghahatid ng mga parsela o tao nang may bayad; (7) gagamitin ang Sasakyan nang walang kinakailangang lisensya sa pagmamaneho o saklaw sa seguro; (8) mabibigo sa pagbayad ng anumang multa, toll, tiket o parusa na nauugnay sa Sasakyan. Kung mabigo kang magbayad, babayaran mo kami at magbabayad ng administratibong bayad na \$25 kada pangyayari, kung pinahihintulutan ng batas, para sa anumang multa, toll, tiket, parusa o iba pang halagang binayaran sa iyong ngalan, kahit pa ang bayad ay hiniling pagkatapos ng petsa ng pagtatapos ng Pag-arkilang ito.
- B. VPAGPAPANATILI NG SASAKYAN.** Dapat mong panatilihin ang Sasakyan sa parehong kondisyon noong inarkila mo ito, ang karaniwang sira at agwat ng milya ay inaasahan. Dapat, sa iyong gastos, ay panatilihin ang Sasakyan sa maayos na kondisyon at hitsura at panatilihin ang Sasakyan ayon sa lahat ng legal na mga kinakailangan (kabilang ang mga pagsusuri), ang mga rekomendasyon ng tagagawa at mga kinakailangan ng garantiya, kabilang ang pagpapaserbisyo kaugnay sa anumang nakumpleto at napatunayang kampanya sa pagpapabalik. Ang Tagapag-arkila ay may karapatan na suriin ang Sasakyan anumang oras. Ang Tagapag-arkila ay walang obligasyon na magbigay ng kapalit na sasakyan sa anumang dahilan. Sumasang-ayon ka na panatilihin ang lahat ng mga talaan ng serbisyo sa Sasakyan sa panahon ng Termino ng Pag-arkila at ibibigay ang naturang mga talaan sa Tagapag-arkila sa pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila.
- C. BAYAD-PINSALA.** Sumasang-ayon ka na bayaran at ipawalang-sala kami at ang aming mga itinalaga, ahente, at taga-seguro mula sa lahat ng mga paghahabol, demanda, parusa, multa, pagkalugi at gastos (kabilang ang mga makatuwirang bayad sa abogado sa abot ng pinahihintulutan ng batas) na magmumula sa paghawak, paggamit, kondisyon o operasyon ng Sasakyan, kabilang ang mga paghahabol batay sa mahigpit na pananagutan.

#### 17. KARAPATAN NA TAPUSIN NANG MAAGA

- A. KARAPATAN NG UMAARKILA NA TAPUSIN NANG MAAGA.** Maaari mong tapusin ang Pag-arkilang ito anumang oras bago ang pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila. Kung pipiliin mong tapusin ang Pag-arkilang ito bago ang pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila at hindi mo gagamitin ang iyong Opsyon sa Pagbili, ang singil para sa naturang maagang pagtatapos ay ang Pananagutan sa Maagang Pagtatapos ayon sa itinukoy sa ibaba sa [Seksyon 18](#).
- B. KARAPATAN NG TAGAPAG-ARKILA NA TAPUSIN NANG MAAGA.** Ang Tagapag-arkila ay maaaring tapusing ang Pag-arkilang ito bago ang pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila kung ikaw ay Hindi Nagbabayad (Default). Kung hindi mo gagamitin ang iyong Opsyon sa Pagbili, sa naturang pagtatapos, ang Tagapag-arkila ay may karapatan sa sumusunod na mga singil: (1) ang Pananagutan sa Maagang Pagtatapos ayon sa itinukoy sa ibaba sa [Seksyon 18](#); dagdag ang (2) makatuwirang mga gastos, kung mayroon, na natamo bilang direktang resulta ng pagbawi ng Sasakyan, paghawak nito, paghanda nito para sa pagbebenta at pagbebenta nito; dagdag ang (3) kung ang Tagapag-arkila ay kukuha ng abogado na hindi pinapasuwelduhang empleyado ng Tagapag-arkila upang kolektahin ang utang mo, sumasang-ayon ka na magbayad ng makatuwirang mga bayad sa abogado.

## 18. PANANAGUTAN SA MAAGANG PAGTATAPOS

**A. BUWANANG BAYAD NA PAG-ARKILA.** Para sa Buwanang Bayad na Pag-arkila, kung ang Pag-arkilang ito ay tinapos bago ang simula ng huling Buwanang Panahon (itinukoy sa Seksyon 19.A sa ibaba), sumasang-ayon ka na bayaran ang kabuuan ng mga Bilang (1) hanggang (5) ayon sa sumusunod:

1. Anumang hindi nabayarang Buwanang mga Bayad na naipon hanggang sa petsa ng pagtatapos, dagdag ang
2. Bayad sa Pagbalik na \$495 o, kung babawin namin ang Sasakyang, sa halip na Bayad sa Pagbalik, ang aktuwal na mga gastos na aming matamo kaugnay sa pagbawi, pagkuha, pag-imbak, paghanda para sa pagbebenta, at pagbebenta ng Sasakyang, kabilang ang transportasyon at muling pagpapakondisyon, dagdag ang
3. Opisyal na mga bayad at buwis kaugnay sa pagtatapos, dagdag ang
4. Lahat ng iba pang mga halagang babayaran at utang sa ilalim ng Pag-arkilang ito, maliban sa labis na sira at agwat na milya, dagdag ang
5. Singil sa maagang pagtatapos katumbas sa halaga kung saan lalampas ang Inayos na Balanse ng Pag-arkila sa Natupad na Halaga ng Sasakyang sa pagtatapos.

Sa kabila ng halagang ito, kung ang Sasakyang ay hindi isa Ganap na Kawalan, ang singil sa maagang pagwawakas ay hindi lalampas sa halaga ng anumang natitirang mga pagbabayad at mga singil para sa Labis na Paggamit at labis na milya na dapat mong babayaran sa ilalim ng Seksyon 21.A kung ang Arkilang ito ay natapos ayon sa nakatakda sa pagtatapos ng Termino sa Arkila.

**B. ISAHANG BAYAD NA PAG-ARKILA.** Para sa Isahang Bayad na Pag-arkila, kung ang Pag-arkilang ito ay tinapos bago ang simula ng huling Buwanang Panahon (itinukoy sa Seksyon 19.B sa ibaba), sumasang-ayon ka na bayaran ang kabuuan ng mga Bilang (1) hanggang (4) ayon sa sumusunod:

1. Bayad sa Pagbalik na \$495 o, kung babawin namin ang Sasakyang, sa halip na Bayad sa Pagbalik, ang aktuwal na mga gastos na aming matamo kaugnay sa pagbawi, pagkuha, pag-imbak, paghanda para sa pagbebenta, at pagbebenta ng Sasakyang, kabilang ang transportasyon at muling pagpapakondisyon, dagdag ang
2. Opisyal na mga bayad at buwis kaugnay sa pagtatapos, dagdag ang
3. Lahat ng iba pang mga halagang babayaran at utang sa ilalim ng Pag-arkilang ito, maliban sa labis na sira at agwat na milya, dagdag ang
4. Singil sa maagang pagtatapos katumbas sa halaga kung saan lalampas ang Inayos na Balanse ng Pag-arkila sa Natupad na Halaga ng Sasakyang sa pagtatapos. Sa kabila ng halagang ito, kung ang Sasakyang ay hindi isang Ganap na Kawalan, ang singil sa maagang pagwawakas ay hindi lalampas sa halaga ng anumang mga singil para sa Labis na Paggamit at labis na milya na dapat mong babayaran sa ilalim ng Seksyon 21.A kung ang Arkilang ito ay natapos ayon sa nakatakda sa pagtatapos ng Termino sa Arkila.

Kung ito ay Isahang Bayad na Pag-arkila at kung mangyari ang Maagang Pagtatapos, at ang Natupad na Halaga ay lumampas sa Inayos na Balanse ng Pag-arkila, sumasang-ayon ka na bayaran ang kabuuan ng mga Bilang (1) hanggang (3) sa Seksyon 18.B at may karapatan ka sa pautang ("Pautang sa Isahang Bayad na Pagtatapos") ng (i) halaga kung saan ang Natupad na Halaga ay lumampas sa Inayos na Balanse ng Pag-arkila, o (ii) ang produkto ng Isahang Bayad ay hinati ng Termino ng Pag-arkila pinarami ng bilang ng buong buwang natitira hanggang sa nakatakda ng pagtatapos. Anumang halaga kung saan ang Pautang sa Isahang Bayad na Pagtatapos ay lumampas sa mga Bilang (1) hanggang (3) sa Seksyon 18.B ay ibabalik sa iyo. Kung ang kabuuan ng mga Bilang (1) hanggang (3) sa Seksyon 18.B ay lumampas sa Pautang sa Isahang Bayad na Pagtatapos, magiging utang mo ang kakulangan.

## 19. INAYOS NA BALANSE NG PAG-ARKILA

**A. BUWANANG BAYAD NA PAG-ARKILA.** Para sa Buwanang Bayad na Pag-arkila, ang iyong Inayos na Balanse sa Pag-arkila ay ang Inayos na Ipinuhang Gastos na iniladha sa harap ng Pag-arkilang ito, ibinawas ang lahat ng Pagbaba ng Halaga at ibang Amortized na mga Halaga na naipon hanggang sa petsa ng pagtatapos, kinakalkula nang pauna sa direktang batayan sa pantay na mga halaga para sa bawat buwan ng Pag-arkila. Ang kabuuan ng naturang Pagbaba ng Halaga at ibang Amortized na mga Halaga ay hindi lalampas sa halagang kalkulado alinsunod sa Paraan ng Palagiang Pagbigay (ipinapaliwanag sa huling pangungusap ng sub-bahagi na ito sa ibaba). Para sa mga layunin ng kalkulasyon ito, ang bahagi ng Batayang Buwanang Bayad na binubuo ng mga Singil sa Renta ay katumbas din sa halaga ng bawat buwan, na kinita sa unang araw ng bawat Buwanang Panahon at katumbas sa halagang hindi inilaan sa Pagbaba ng Halaga at sa ibang Amortized na mga Halaga. Ang Termino ng Pag-arkila ay hinati sa buwanang mga panahon (bawat isang "Buwanang Panahon"). Ang unang Buwanang Panahon ay nagsisimula sa takdang petsa ng unang Buwanang Bayad (tingnan ang Seksyon 2.A) at ang kasunod na mga Buwanang Panahon ay nagsisimula sa takdang petsa ng bawat kasunod na Buwanang Bayad. Ang "Paraan ng Palagiang

Pagbigay" ay nangangahulugan ng paraan sa pagtukoy ng bahagi sa Singil sa Renta ng bawat Batayang Buwanang Bayad, kung saan sa ilalim nito ang Singil sa Renta para sa bawat buwan ay kinita nang pauna sa pamamagitan ng pagpaparami ng palagiang halaga na ipinahiwatig sa Pag-arkila pinarami ng balanse ng napapailalim sa Singil sa Renta habang bumababa ito sa panahon ng naka-iskedyul na Termino ng Pag-arkila.

**B. ISAHANG BAYAD NA PAG-ARKILA.** Para sa Isahang Bayad na Pag-arkila, ang Inayos na Balanse sa Pag-arkila sa takdang panahon ay tinutukoy sa pamamagitan ng pagbawas ng Batayang Isahang Bayad mula sa Inayos na Ipinuhang Gastos at pagdagdag ng kinitang mga Singil sa Renta para sa bawat buwan o bahagi nito na lumipas sa petsa ng pagtatapos, sa pagpapalagay na ang naturang renta ay kinita sa katumbas na mga halaga sa bawat buwan at kinita sa simula ng bawat Buwanang Panahon. Ang unang Buwanang Panahon ay nagsisimula sa takdang petsa ng Isahang Bayad (tingnan ang Seksyon 2.C) at ang kasunod na Buwanang mga Panahon ay nagsisimula sa parehong araw sa bawat kasunod na buwan.

## 20. NATUPAD NA HALAGA NG SASAKYAN

**A. NATUPAD NA HALAGA.** Ang Natupad ng Halaga ay kinakalkula ayon sa sumusunod: (1) kung nagpapanatili ka ng seguro sa Sasakyang ayon sa kinakailangan sa Pag-arkila at ang Sasakyang ay Ganap na Nasira bilang resulta ng pagnakaw o pinsala, ang halaga ng anumang naaangkop na bawas sa seguro na utang mo at ang malikom ng kasunduan ng paghahabol sa seguro na aming natanggap, maliban kung ang mas mataas na halaga ay pinagkasunduan natin, (2) kung pipiliin mo na isagawa ang pagtatasa ayon sa isinaad ng Regulasyon M at itinakda sa Seksyon 20.B, ang halaga na tinukoy sa pagtatasa, (3) kung pipiliin namin na panatilihin ang pagmamay-ari ng Sasakyang para sa paggamit o upang iparkila sa kasunod na umaarkila, ang pakyawan na halaga ng Sasakyang ayon sa itinukoy sa kilalang patnubay sa halaga ng gamit na sasakyang na karaniwang

ginagamit ng mga dealer ng de-motor na sasakyang sa California upang alamin ang halaga ng mga sasakyang sa California na kasalukuyan sa panahon ng pagtatapos, kabilang, ngunit hindi limitado sa, itim na Libro, na isinaalang-alang ang agwat ng milya at pisikal na kondisyon ng Sasakyang o (4) ang presyong binayaran para sa Sasakyang sa panahon ng pagbalik.

**B. INDEPENDYENTENG PAGTATASA.** Sa kaso ng maagang terminasyon ng Pag-arkilang ito, maaari kang kumuha, sa iyong sariling gastos, mula sa independyenteng ikatlong partido na sinang-ayunan ng parehong Umaarkila at Tagapag-arkila, isang propesyunal na pagtatasa ng pakyawang halaga ng Sasakyang na maaaring matupad sa pagbebenta. Ang tinasang halaga ay gagamitin bilang Natupad na Halaga.

## 21. PANANAGUTAN SA NAKATAKDANG PAGTATAPOS / LABIS NA SIRA

**A. PANANAGUTAN SA NAKATAKDANG PAGTATAPOS.** Sa pagtatapos ng Pag-arkila ayon sa itinakda sa katapusan ng Termino ng Pag-arkila o sa o pagkatapos ng simula ng huling Buwanang Panahon (tinukoy sa Seksyon 19 sa itaas), magiging utang mo ang lahat ng mga halaga na dapat bayaran o lampas sa pagbabayad at hindi binayaran, mga singil para sa Labis na Sira (Seksyon 21.B) at para sa labis na agwat ng milya alinsunod sa Seksyon 7, dagdag ang Bayad sa Pagbalik katumbas sa \$395 o ang pinakamataas na pinahihintulutan ng naaangkop na batas, kung mas mababa.

**B. LABIS NA SIRA.** Ikaw ay responsable sa pagpapagawa ng lahat ng pinsala at sira na lampas sa malit na sira na makatuwirang inasahan na resulta ng karaniwang gamit at araw-araw na gamit, sa pagpapalagay na gagamitin mo ang Sasakyang ayon sa pinahihintulutan sa Pag-arkilang ito (tingnan ang Seksyon 16.A) at panatilihin ito ayon sa inaatas ng Pag-arkilang ito (tingnan ang Seksyon 16.B) ("Labis na Sira"). Kabilang sa Labis na Sira ang, ngunit hindi limitado sa: (i) basag,

may lamat, may pingas, may gasgas o kupas ang kulay na salamin; (ii) pinsala sa o deteryorasyon ng katawan, gawang metal, trim o pintura, kabilang, halimbawa, ang sira o deteryorasyon na nangangailangan ng pagpapadireto ng metal o refinishing ng katawan; (iii) sunog, punit o may mantsang dash, sahig, takip, upuan, headline, tapiserya o gawa sa loob; (iv) hindi tugmang mga gulong (kabilang ang reserbang gulong) na nawawala, wala sa ligtas na kondisyon, o may mas mababa sa 4/32 na pulgadang lalim ng takip; (v) hindi ligtas o ilegal na kondisyon ng paggana; (vi) hindi inayos o hindi pinalitang mekanikal na mga bahagi na dapat inayos o pinalitan sa panahon ng karaniwang serbisyo ng Sasakyang, kabilang ang, halimbawa ngunit hindi limitado sa, transmisyon, mga bahagi ng air conditioning, makina, power steering o mga bahaging elektrikal, o brake na nangangailangan ng anumang pag-aayos; (vii) anumang iba pang pinsala, saklaw man o hindi ng seguro; (viii) anumang inayos o pinalitan na mga bahagi na hindi namin aprubado; at (ix) nawawalang aksesorya o gamit na kasama sa Sasakyang nang ito ay hinatid.

## 22. OPSYON SA PAGBILI

**A. KATAPUSAN NG TERMINO NG PAG-ARKILA.** Sa nakatakdang pagtatapos ng Pag-arkila, maaari mong bilhin ang Sasakyang sa "KASALUKUYANG KONDISYON". Kailangan mong abisuhan ang Tagapag-arkila ng iyong intensyon na gamitin ang Opsyon sa Pagbili. Kung gagamitin mo ang Opsyon sa Pagbili sa nakatakdang pagtatapos ng Pag-arkila, sumasang-ayon ka na bayaran ang Tagapag-arkila ng kabuuang katumbas sa:

1. Natitirang Halaga;
2. Dagdag ang anumang narakaang hindi nabayarang Buwanang mga Bayad at anumang iba pang halagang babayaran sa ilalim ng Pag-arkilang ito;
3. Dagdag ang Bayad sa Opsyon sa Pagbili, na inilarawan sa Seksyon 8 ng Pag-arkilang ito;
4. Dagdag ang anumang opisyal na mga bayad, buwis at iba pang mga singil kaugnay sa pagbili ng Sasakyang;
5. Dagdag pa ang pangdokumento o iba pang pang-administratibong bayad na maaaring singilin ng dealer o ng ikatlong partido na nagpoproseso ng naturang pagbili, hanggang sa pinakamataas na pinapayagan ng naaangkop na batas ng estado. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong gustong dealer para sa halaga ng dokumento o iba pang administratibong bayad.

**B. BAGO ANG PAGTATAPOS NG TERMINO NG PAG-ARKILA.** Maaaring kang Opsyon sa Pagbili ng Sasakyang sa "KASALUKUYANG KONDISYON" anumang oras bago matapos ang Termino ng Pag-arkila. Kailangan mong abisuhan ang Tagapag-arkila bago mo gamitin ang

Opsyon sa Pagbili. Kung gagamitin mo ang Opsyon sa Pagbili anumang oras bago matapos ang Termino ng Pag-arkila, sumasang-ayon ka na bayaran ang Tagapag-arkila ng kabuuang katumbas sa:

1. Anumang nakaraang hindi nabayarang Buwanang mga Bayad at anumang iba pang halagang babayaran sa ilalim ng Pag-arkilang ito;
2. Dagdag ang anumang opisyal na mga bayad, buwis at iba pang mga singil kaugnay sa pagbili ng Sasakyang.
3. Dagdag ang Inayos na Balanse sa Pag-arkila sa petsa na ginamit ang Opsyon sa Pagbili ayon sa itinukoy alinsunod sa paraang ipinahiwatig sa Seksyon 19.A para sa Buwanang Bayad na Pag-arkila at Seksyon 19.B para sa Isahang Bayad na Pag-arkila;
4. Dagdag ang Bayad sa Opsyon sa Pagbili na inilarawan sa Seksyon 8 ng Pag-arkilang ito;
5. Dagdag ang pangdokumento o ibang administratibong bayad na maaaring singilin ng dealer o ikatlong partido na nagpoproseso ng naturang pagbili, hanggang sa pinakamataas na pinahihintulutan ng naaangkop na batas ng estado. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong mas gustong dealer para sa halaga ng pangdokumento o ibang administratibong bayad.

©2022 Santander Consumer USA Inc. Ang Chrysler Capital ay isang rehistradong tatak pangkalakal ng FCA US LLC at lisensyado sa Santander Consumer USA Inc. Ang mga kasunduan sa pag-arkila ay pagmamay-aring CCAP Auto Lease Ltd. at siniserbisuhan ng Chrysler Capital.



## 23. PAGBALIK NG SASAKYAN / PAGPAPAHABA NG PAG-ARKILA

**A. PAGBALIK NG SASAKYAN/PAGPALIBAN.** Kung ang Pag-arkila ay tinapos nang maaga o ayon sa itinakda, dapat mong ibalik ang Sasakyan sa lugar na itinukoy ng Tagapag-arkila, kung hindi mo gagamitin ang iyong opsyon sa pagbili, ayon sa inilarawan sa Seksyon 22 sa itaas. Kung nabigo kang ibalik ang Sasakyan sa lugar na itinukoy ng Tagapag-arkila, dapat mo kaming bayaran ng bayad sa transportasyon na \$150. Wala kang karapatan na panatilihin ang Sasakyan pagkatapos ng pagtatapos ng Pag-arkila at anumang pagpaliban nang walang pahintulot ng Tagapag-arkila, ayon sa pinagkasunduan sa ilalim ng Seksyon 25. Kung papanatilihin mo ang Sasakyan lampas ng katapusan ng Termino ng Pag-arkila nang hindi sumasang-ayon sa pagpapahaba sa ilalim ng Seksyon 23.B, mananatili ka sa karagdagang pinsala na katumbas sa \$150, dagdag ang (i) sa Buwanang Bayad na Pag-arkila, isang Buwanang Bayad para sa bawat buwan o bahagi nito na pinapanatili mo ang Sasakyan, o (ii) sa Isahang Bayad na Pag-arkila, ang Isahang Bayad na hinati sa bilang ng mga buwan sa Termino ng Pag-arkila, dagdag ang

anumang naaangkop na mga buwis, para sa bawat buwan o bahagi nito hanggang ang Sasakyan ay maibalik. Ang pagbayad sa naturang mga pinsala ay hindi nagkakaloob sa iyo ng karapatan sa pagmamay-ari sa natitirang bahagi ng buwan o sa anumang panahon.

**B. PAGPAPAHABA NG PAG-ARKILA.** Sa nakasulat na pag-apruba ng Tagapag-arkila, tanging sa pagpapasiya ng Tagapag-arkila, pagkatapos ng pagtatapos ng Termino ng Pag-arkila, dapat kang magbayad ng \$100 na bayad sa pagpapahaba ng pag-arkila para sa pribilehiyo ng pagpapahaba ng Pag-arkilang ito. Nauunawaan mo na lahat ng mga obligasyon sa kontrata ay naaangkop sa ilalim ng anumang aprubadong pagpapahaba at ang naturang panahon ng pagpapahaba ay hindi lalampas ng anim (6) na buwan ang haba. Sa kaso ng naturang pagpapahaba, ang karagdagang tuntunin sa Buwanan o Isahang Bayad ang tutukuyin sa Kasunduan sa Pagpapahaba ng Pag-arkila sa pagitan mo at namin.

## 24. GANAP NA KAWALAN / PAGPAPABAYA NG HALAGA NG PUWANG

Ang Ganap na Kawalan ay nangyayari, at ang Sasakyan ay isang Ganap na Kawalan, kung ang Sasakyan ay nawala o ininakaw at hindi nabawi, nasira, naging hindi angkop sa paggamit o may pinsala na makabuluhang hindi maaayos ayon sa tinukoy ng iyong taga-seguro. Kung ang Sasakyan ay napailalim sa Ganap na Kawalan:

1. Aabisuhan mo kami at ang iyong kumpanya ng seguro sa loob ng bente-kwatro (24) oras matapos ang anumang pinsala, kawalan, paganakaw, pagsamsam o pag-impound ng Sasakyan.
2. Kung mayroon kang may bisang seguro na kinakailangan sa ilalim ng Pag-arkilang ito sa panahon ng Ganap na Kawalan, ipapabaya ng Tagapag-arkila ang singil sa maagang pagtatapos na nakatakda sa Seksyon 18.A.5. Babayaran mo ang Tagapag-arkila ng kabuuan sa: (a) lahat ng Buwanang mga Bayad na hindi nabayaran at anumang iba pang mga halaga na dapat bayaran

o hindi nabayaran sa panahon ng kawalan o dapat babayaran hanggang sa natanggap ng Tagapag-arkila ang iyong buong nalikom sa seguro; dagdag ang (b) halaga ng iyong mababawas. Kahit pa naka-seguro ang Sasakyan, dapat patuloy kang magbayad ng anumang naaangkop na Buwanang mga Bayad hanggang ang Tagapag-arkila ay makatanggap ng iyong buong mga nalikom sa seguro. Kung wala kang may bisang seguro na kinakailangan sa ilalim ng Pag-arkilang ito, o ang Ganap na Kawalan ay tinanggihan ng iyong taga-seguro dahil sa iyong mapanlinlang o kriminal na mga kilos, ang singil sa maagang pagtatapos na nakatakda sa Seksyon 18.A.5 ay hindi ipapabaya at magiging utang mo ang Pananagutan sa Maagang Pagtatapos na nakatakda sa Seksyon 18.

## 25. HINDI PAGBABAYAD (DEFAULT)

**A. IKAW AY MAGIGING DEFAULT KUNG ALINMAN SA SUMUSUNOD ANG MANGYAYARI:**

1. Mabigo kang magbayad ng anumang bayad sa ilalim ng Pag-arkilang ito kung kailan kailangang bayaran;
2. Mabigo kang panatilihin naka-seguro ang Sasakyan ayon sa kinakailangan ng Pag-arkilang ito o tatanggihan ng taga-seguro ng Sasakyan ang ganap na saklaw o pananagutan;
3. Mabigo kang ibalik ang Sasakyan sa pagtatapos ng Pag-arkilang ito;
4. Mabigo kang sumunod sa alinman sa mga tuntunin at kondisyon ng Pag-arkilang ito;
5. Napapailalim ka sa pagdinig sa bankruptcy, receivership o kawalan ng ibabayad o gagawa ka ng pagtatalaga para sa benepisyo ng mga pinagkakautangan;
6. Ikaw ay mamatay sa panahon ng Termino ng Pag-arkila;
7. **Ipapa-upa, ipapa-sublease, itatalaga, o kung hindi man ay iilipat mo ang anumang interes sa Pag-arkilang ito, ang Sasakyan, o ang karapatan na gamitin ang Sasakyan, nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng Tagapag-arkila;**
8. Gagawa ka ng anumang maling representasyon sa iyong aplikasyon para sa pantawag;
9. Mabigo kang sagutin ang patawag sa trapiko o bayaran ang anumang mga tiketa sa trapiko o iba pang mga multa kung kailan kailangan bayaran;
10. Ang Sasakyan ay sinamsam o kinumpiska para sa anumang dahilan ng ahensiya na nagpapatupad ng batas; o
11. Anumang iba pang mangyayari na naniniwala ang Tagapag-arkila na magpapahamak sa Sasakyan o ang kondisyon nito, makapinsala sa iyong kakayanang magbayad o ilagay sa kompromiso ang interes sa pagmamay-ari ng Sasakyan ng Tagapag-arkila.

**B. MGA KARAPATAN NG TAGAPAG-ARKILA SA PAG-DEFAULT (KABILANG ANG KARAGADAGANG MGA HALAGA NA UTANG MONG SA PAG-DEFAULT.** Kung ikaw ay nag-default, ang Tagapag-arkila ay maaaring:

1. Tapusin ang Pag-arkilang ito at kinakailangan mong bayaran ang halaga na dapat mong bayaran (a) sa ilalim ng Seksyon 18 kung tinapos mo ang Pag-arkila bago ang simula ng huling Buwanang Panahon; o (b) sa ilalim ng Seksyon 21.A kung tinapos mo ang Pag-arkila sa o pagkatapos ng simula ng huling Buwanang Panahon.
  2. Kunin ang Sasakyan mula sa iyo nang walang demanda. Kung papahintulutan ng batas, ang Tagapag-arkila ay maaaring pumunta sa iyong ari-arian upang kunin ang Sasakyan. Kung ang Sasakyan ay may elektronikong gamit sa paghahanap, ang Tagapag-arkila ay maaaring gamitin ito upang hanapin ang Sasakyan maliban kung ipinagbabawal ng batas.
  3. Iddemanda ka para sa pinsala at upang bawiin ang Sasakyan.
  4. Ituloy ang anumang iba pang remedyong inilaan ng batas.
- Gagamitin ng Tagapag-arkila ang karapatan nito nang walang paglabag sa kapayapaan, at sa makatuwirang mga oras at lugar, sa makatuwirang paraan, at ayon sa pinahihintulutan ng batas. Maaaring kunin at itabi ng Tagapag-arkila ang anumang personal na mga gamit na nasa Sasakyan. Kung hindi mo hihingin ang mga gamit, maaaring itapon ng Tagapag-arkila ang mga ito ayon sa pinahihintulutan ng batas. Babayaran mo ang makatuwirang mga gastos ng Tagapag-arkila sa pagsagawa ng mga kilos na ito ayon sa pinahihintulutan ng batas. Maaaring kasama sa mga gastos na ito ang mga gastos sa pagkuha at pagtabi ng Sasakyan, bayad sa abogado, gastos sa koleksyon at gastos sa korte kung pinahihintulutan sa ilalim ng batas ng estado.

## 26. ARBITRASYON

**SUMASANG-AYON KA NA ANUMAN AT LAHAT NG MGA PAGHAHABOL AY LULUTASIN SA PAMAMAGITAN NG INDIBIDUWAL NA ARBITRASYON AT HINDI SA KORTE KUNG HIHILINGIN MO O NG TAGAPAG-ARKILA ANG ARBITRASYON. KINIKILALA MO SA PAMAMAGITAN NITO NA PINAPABAYA MO ANG IYONG KARAPATAN NA TUMULUY SA KORTE, AT SA PAGSUBOK NG HURADO. DAGDAG PA, PINALAPABAYA MO ANG LAHAT NG MGA KARAPATAN NA MAGPATULUY SA ISANG PANGGRUPONG DEMANDA O PANGGRUPONG ARBITRASYON.** Anumang kontrobersya o paghahabol sa pagitan o sa pagitan mo at ng Tagapag-arkila, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga lumilitaw mula o kaugnay sa Sasakyan, sa Pag-arkilang ito o anumang kaugnay na kasunduan o anumang paghahabol batay sa o lumilitaw mula sa diumano'y sibil na salarin, ay tutukuyin sa pamamagitan ng indibidwal na arbitrasyon sa kahilingan ng alinmang partido maliban sa mga paglilitis sa korte ng maliit na paghahabol, sariling-tulong na pagbawi ng sasakyan, at ibang sariling-tulong tulad ng paggamit ng mga karapatan sa pagpapagaan. Ang arbitrasyon ay pamamahalaan ng Batas sa Pederal na Arbitrasyon (Titulo 9, Kodigo ng Estados Unidos), sa kabila ng anumang pagpipilian ng probisyon ng batas sa Pag-arkilang ito, at sa ilalim ng awtoridad at naaangkop na mga tuntunin at pamamaraan ng mamimili ng Amerikanong Samahan ng Arbitrasyon ("AAA", American Arbitration Association) na may bisa na makikita sa [www.adr.org](http://www.adr.org) o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa AAA sa 800-778-7879. Kung hindi na namamagitan ang AAA sa uri ng isyu ng alitan, ang organisasyon ng arbitrasyon ay ang organisasyon na iminumungkahi mo na katangga-tanggap sa Tagapag-arkila at ang mga panuntunan at pamamaraan ay ang mga panuntunan at pamamaraan ng naturang organisasyon ng arbitrasyon. Ang (mga) tagapamagitan ay dapat lisensyadong mga abogado. Ang arbitrasyon ay dapat maganap sa estado kung saan ka nakatira at gagamitin ang batas ng estado kung saan naroon ang Dealer. Kung hindi ka nakatira sa Estados Unidos, ang arbitrasyon ay magaganap sa estado kung saan naroon ang Dealer. Unang babayaran ng Tagapag-arkila ang lahat ng administratibong bayad sa pagtitipon ng arbitrasyon, na maaaring pasyahan ng (mga) tagapamagitan na dapat mong bayaran maliban kung ang naturang muling pagbayad ay ipinagbabawal sa ilalim ng estado kung ang alitan ay nilutas sa korte. Ang responsibilidad para sa pagbabayad ng mga gastos, bayad sa mga abogado at mga gastos ay tutukuyin ng (mga) tagapamagitan gamit ang batas ng estado. Wala sa alinman sa Tagapag-arkila o ikaw ang may karapatan na sumali o pagsamahin ang mga alitan ng o laban sa iba sa anumang arbitrasyon, o isama sa anumang arbitrasyon ang anumang alitan bilang isang kinatawan o miyembro ng isang klase, o kumilos sa anumang arbitrasyon para sa interes ng pangkalahatang publiko o sa isang pribadong pangunahing abogado na kapasidad. Kung ang pagpapabaya na ito ng mga paglilitis sa klase ay pinaniniwalaang hindi maipapatupad, ang buong probisyon ng arbitrasyon ay walang bisa at ang natitirang bahagi ng Pag-arkila ay mananatiling maipapatupad. Mayroon kang karapatan na hindi sumali sa arbitrasyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa amin nang nakasulat sa 1601 Elm Street, Suite 800, Dallas, TX 75201 sa loob ng 30 araw matapos ang pagpapatupad ng Pag-arkila.

©2022 Santander Consumer USA Inc. Ang Chrysler Capital ay isang rehistradong tatak pangkalakal ng FCA US LLC at lisensyado sa Santander Consumer USA Inc. Ang mga kasunduan sa pag-arkila ay pagmamay-aring CCAP Auto Lease Ltd. at siniserbisuhan ng Chrysler Capital.

## 27. PANGKALAHATANG MGA PROBISYON

- A. INTERES SA SEGURO/PAGPAPAGAAN.** Binibigyan mo ang Tagapag-arkila ng interes sa seguridad, sa lawak na pinahihintulutan ng batas ng estado, sa mga nalikom sa pagkawala ng anumang seguro ng sasakyan, mga kontrata sa serbisyo o mga produkto na pinondohan kaugnay ng Pag-arkilang ito at sa anumang mga premium na pagbabalik-bayad para sa naturang seguro, mga kontrata sa serbisyo o iba pang produkto upang kumuha ng bond sa pagganap ng iyong mga obligasyon sa ilalim ng Pag-arkilang ito. Binibigyan mo ang Tagapag-arkila ng karapatang i-set off ang mga halagang inutang mo sa Tagapag-arkila laban sa anumang halagang inutang ng Tagapag-arkila sa iyo nang walang abiso o hinihingi maliban kung kinakailangan ng naaangkop na batas.
- B. LIMITADONG KAPANGYARIHAN NG ABOGADO.** Itinatalaga mo kami o ang aming ahente bilang iyong attorney-in-fact upang gawin ang sumusunod: (1) pasyahan ang anumang paghahabol sa seguro kaugnay sa Sasakyan; (2) i-endorso ang iyong pangalan sa anumang tseke o draft na aming matatanggap para sa pinsala o kawalan ng Sasakyan; at (3) pirmahan ang iyong pangalan sa anumang titulo, rehistrasyon o ibang katulad na mga dokumentong kaugnay sa Sasakyan. Ang kapangyarihan ng abogado ay kasama ng interes sa Sasakyan at hindi mababawi.
- C. KARAGDAGANG PAUTANG AT MGA HALAGANG KAILANGAN BAYARAN.** Hindi alintana kung paano magtatapos ang Pag-arkila, magiging utang mo sa Tagapag-arkila ang anumang hindi nabayaranang mga bayad at buwis, kabilang ang anumang buwis sa kung ano ang iyong utang dahil maagang nagtapos ang Pag-arkila, kasama ang anumang mga halagang dapat bayaran dahil nilabag mo ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Pag-arkilang ito. Maaaring kanselahin ng Tagapag-arkila ang anumang opsyunal na seguro o serbisyo, pagpapanatili, o ibang mga kontrata na pinondohan ng Tagapag-arkila para sa iyo. Bibigyan ka ng Tagapag-arkila ng pautang para sa anumang halaga na matatanggap ng Tagapag-arkila mula sa naturang pagkansela, maliban kung ang Pagpapaubaya sa GAP sa Seksyon 24 ay naaangkop.
- D. PAHAYAG NG ODOMETER.** Sumasang-ayon ka na panatilihin ang odometer ng Sasakyan para lagi itong wasto. Bibigyan mo kami ng sertipikasyon ng odometer anumang oras na hihilingin namin. **Inaatasan ka ng pederal na batas na bigyan kami ng pahayag ng agwat ng milya ng Sasakyan kaugnay sa paglipat ng pagmamay-ari ng Sasakyan. Maaari kang multahan at/o ipakulong kung hindi mo kukumpletuhin ang pagbubunyag o kung gagawa ka ng kasinungalingan.**
- E. WALANG PAUBAYA.** Hindi namin pinapaubaya ang aming mga karapatan o remedyo sa ilalim ng Pag-arkilang ito sa pagpapaliban o pagkabiogong gamitin ang mga ito sa anumang oras. Ang aming pagtanggap ng huli o bahagiang mga pagbabayad sa ilalim ng Pag-arkilang ito ay hindi bubuo ng pagpapaubaya ng aming karapatang tumanggap ng napapanahong pagbabayad nang buo o anumang iba pang mga karapatan.
- F. PAGTATALAGA.** Wala kang karapatan na italaga ang alinman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Pag-arkilang ito o i-sublet ang Sasakyan; Ang Tagapag-arkila ay maaaring magtatalaga ng interes nito sa Pag-arkilang ito at sa Sasakyan nang walang pahintulot mo. Kung ang Pag-arkila ay itinalaga ng Itinalaga, ang kasunod na itinalaga ay maaaring italaga ang Santander Auto Lease Titling Ltd., o ng mga trustee nito, bilang ahente upang hawakan ang titulo para sa kapakanan ng naturang kasunod na itinalaga sa sertipiko ng titulo at/o rehistrasyon ng Sasakyan. Sinumang kasunod na itinalaga ay hindi kinakailangang gumawa ng pagsasaayos ng Sasakyan, kumuha ng seguro, o magsagawa ng anumang serbisyo kung saan sumang-ayon ang Tagapag-arkila na isagawa sa ilalim ng Pag-arkilang ito. Nauunawaan mo na maaaring hindi ka makatanggap ng abiso ng anumang pagtatalaga ng Pag-arkilang ito.
- G. MGA ULAT NG PAUTANG.** Inaawtorisa mo kami na kunin ang iyong ulat sa pautang, marka sa pautang o ibang mga ulat ng mamimili mula sa anumang ahensiya ng pag-uulat ng mamimili ngayon at sa panahon ng termino ng Pag-arkilang ito, at muling imbestigahan ang iyong pautang para sa paggamit sa pagsusubaybay ng Pag-arkilang ito, koleksyon ng mga halagang kailangan sa ilalim ng Pag-arkilang ito at pagpapahaba o pagbabago ng Pag-arkilang ito sa ganap na lawak na pinahihintulutan ng batas. Ikaw ay inaabisuhan sa pamamagitan nito na kung mabigo kang tuparin ang mga tuntunin ng iyong mga obligasyon sa pautang sa ilalim ng Pag-arkilang ito, ang negatibong ulat tungkol sa iyong pautang ay maaaring isumite sa bawat ahensiya ng pag-uulat ng mamimili. Ang Tagapag-arkila ay maaaring ibahagi ang pautang, account at pinansyal na impormasyon sa aming mga kaakibat at ibang ikatlong partido maliban sa lawak na ipinagbabawal ng aming mga polisiya o ng batas, kabilang ang iyong mga tagubilin na dapat sundin sa ilalim ng Gramm-Leach-Bliley Act at ng batas ng estado.
- H. NAMAMAHALANG BATAS.** Ang Pag-arkilang ito ay pinamamahalaan ng, at bibigyang-pakahulugan alinsunod sa mga batas ng estado kung saan naroroon ang Dealer.
- I. PAGPAPATUPAD.** Kung alinman sa mga probisyon ng Pag-arkilang ito ay mapatunayang hindi maipapatupad, labag sa batas, o walang bisa, ang natitirang mga probisyon ng Pag-arkilang ito ay mananatiling ipinapatupad at may bisa.
- J. PAGLALAHAD NG IMPORMASYON.** Kinikilala ng Tagapag-arkila sa pamamagitan nito, at kapag hinihiling ng naaangkop na regulasyon sa proteksyon sa datos, ay malinaw na pumapayag sa pagbubunyag ng kanyang personal na datos sa iba pang kumpanya ng Santander Group, kasama ang anumang nauugnay na impormasyong nauugnay sa mga transaksyon, kung ang Tagapag-arkila o ang nakatalaga nito ay nagpasiya na ito ay kinakailangan ng o ipinapayong sumunod sa naaangkop na batas o panloob na mga patakaran, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa (i) mga panloob na patakaran sa Pagsunod sa Pinansyal na Krimen ng Santander Group, (ii) ang mga legal na obligasyon nito na may kaugnayan sa mga regulasyon sa pagpopondo laban sa money laundering at laban sa terorismo at (iii) regulasyong pag-uulat nito sa mga nangangasiwang awtoridad.

## 28. MGA KOMUNIKASYON SA TAGAPAG-ARKILA

- A. PAHINTULOT NA SUBAYBAYAN AT ITALA ANG MGA TAWAG SA TELEPONO.** Upang matiyak na ang mga katanungan ng Tagapag-arkila ay mapangasiwaan kaagad, nang magalang, at tumpak, ang ilan sa mga tawag sa telepono sa pagitan mo at sa amin o alinman sa aming mga kaakibat, ahente, itinalaga at mga tagapagbigay ng serbisyo, upang mapahusay ang serbisyo sa iyo. Pinahihintulutan mo ang pagsusubaybay at pagtatala na ito.
- B. MGA TAWAG SA PAGESERBISYO AT KOLEKSYON.** Sumasang-ayon ka na, para maserbisyuhan namin ang Pag-arkilang ito o upang mangolekta ng anumang halaga na utang mo, maaaring tumawag at/o magpadala ng mga text message sa iyo ang Tagapag-arkila sa anumang (mga) numero ng telepono na ibinigay mo sa amin, ngayon o sa hinaharap, kabilang ang mga wireless na numero ng telepono na maaaring magresulta sa mga singil sa iyo. Ang paraan kung saan ang mga tawag o text message na ito ay gagawin sa iyo ay maaaring kasama, ngunit hindi limitado sa, paggamit ng mga prerecorded/artipisyal na voice message at/o awtomatikong pag-dial sa telepono. Sumasang-ayon ka na para maibigay namin ang Pag-arkilang ito o upang mangolekta ng anumang halaga na utang mo, na ang Tagapag-arkila ay maaaring magpadala ng mga e-mail sa iyo sa anumang e-mail address na ibinigay mo sa amin o gumamit ng iba pang elektronikong paraan ng komunikasyon sa lawak na pinahihintulutan ng batas.

**29. MGA ABISO**

May karapatan kang ibalik ang Sasakyan, at makatanggap ng pagbabalik-bayad sa anumang mga pagbabayad na ginawa kung hindi naaprubahan ang aplikasyon sa pautang, maliban kung ang hindi pag-apruba ay resulta ng hindi kumpletong aplikasyon o mula sa maling impormasyong ibinigay mo.

**WALANG PANAHOON NG PAGLAMIG**

Ang batas ng California ay hindi naglalaan para sa “pagpapalamig” o iba pang panahon ng pagkansela para sa mga pag-arkila ng sasakyan. Samakatuwid, hindi mo maaaring kanselahin ang Pag-arkilang ito sa ibang pagkakataon dahil lang sa nagbago ang iyong isip, nagpasya na masyadong mahal ang Sasakyan, o kung nais mong bumili ng ibang sasakyan. Maaari mo lamang kanselahin ang Pag-arkilang ito sa kasunduan ng Tagapag-arkila o para sa legal na dahilan, tulad ng pandaraya.

**ELEKTRONIKONG KONTRATA AT PIRMA.** Sumasang-ayon ka sa pamamagitan nito na ang iyong elektronikong pirma sa ibaba ay nagpapahiwatig ng iyong layunin na pumasok sa Pag-arkilang ito, na legal na may bisa at maipapatupad alinsunod sa mga tuntunin nito (ang “Elektronikong Kontrata”). Sa pagpirma ng Pag-arkilang ito, makatatanggap ka ng kopya ng Pag-arkilang ito, na ituturing na awtorisadong kopya. Ang awtorisadong kopya ay elektronikong kopyang nakatabi sa sistema ng pangangasiwa ng dokumento na itinalaga namin (ang “Awtorisadong Kopya”). Sa kabila ng nabanggit, ang Awtorisadong Kopya ay maaaring gawing isang papel na kontrata sa pamamagitan ng paglimbag nito at pagmamarka namin bilang orihinal (ang “Papel na Kontrata”). Sa sandaling malikha ang naturang Papel na Kontrata, ito ay bubuo sa Awtorisadong Kopya, at kinikilala at sinasang-ayunan mo na: (a) ang iyong pagpirma ng Elektronikong Kontrata ay bubuo rin sa pagpapalabas at pahahatid ng Papel na Kontrata, (b) ang iyong elektronikong pirma sa ibaba, kapag nailagay sa Papel na Kontrata, ay bubuo sa iyong legal na may bisang pirma sa Papel na Kontrata at (c) pagkatapos ng naturang pagpalit, ang iyong mga obligasyon ay papatunayan ng Papel na Kontrata lamang.

**ANG PAG-ARKILANG ITO AY NAGLALAMAN NG KABUUAN NG KASUNDUAN SA PAGITAN MO AT NAMIN.** Walang kasunduan sa pagitan mo at ng Tagapag-arkila maliban sa itinakda sa Pag-arkilang ito. Ang kasunduan sa pagitan ng mga partido ay maaari lamang baguhin sa pamamagitan ng kasulatang pirdadong mo at ng Tagapag-arkila, maliban sa katapusan ng Termino ng Pag-arkila ang Pag-arkila ay maaaring pahabain sa pamamagitan ng kasunduan sa ating pagpapasiya para sa panahon na hindi lalampas ng anim (6) na buwan. Walang kurso ng pagganap ang magbabago sa kasunduan sa pagitan ng mga partido o bubuo ng isang pagpapaubaya ng anumang karapatan sa ilalim ng Pag-arkilang ito.

Mga Inisyal ng Umaarkila \_\_\_\_\_  Mga Inisyal ng Ka-arkila \_\_\_\_\_

**ABISO: (1) SA PAMAMAGITAN NG PAGPIRMA SA IBABA, SUMASANG-AYON KA SA LAHAT NG MGA PROBIYON SA LAHAT NG MGA PAHINA NG PAG-ARKILANG ITO. (2) KINIKILALA MO NA BINASA MO ANG BUONG PAG-ARKILA. (3) KINIKILALA MO NA TUMANGGAP KA NG KUMPLETONG NAPUNAN NA KOPYA NG PAG-ARKILANG ITO AT NG ANUMANG IBA PANG MGA KASUNDUAN, POLISIYA O SERTIPIKO NA IYONG PINIRMAHAN O SINANG-AYUNAN NA BILHIN. (4) ITO AY ISANG KASUNDUAN SA PAG-ARKILA AT HINDI KASUNDUAN SA PAGBILI; MANGYARING HUMILING NG PROPEYUNAL NA PAYO KUNG MAYROON KANG MGA TANONG TUNGKOL SA TRANSAKYON NA ITO. (5) SUMASANG-AYON KA NA NABASA MO ANG PROBIYON SA ARBITRASYON SA PAG-ARKILANG ITO, KABILANG ANG PARAAN NG HINDI PAGSALI, AT SUMASANG-AYON KA SA PAMAMAGITAN NG LAHAT NG PAGHAHABOL ALINSUNOD SA PROBIYON SA ARBITRASYON SA SEKSYON 26.**

(1) Huwag pumirma sa Pag-arkilang ito bago mo ito basahin o kung naglalaman ito ng anumang blangkong mga espasyo na mapupunan; (2) May karapatan ka sa kumpletong napunan na kopya nitong Pag-arkilang ito; (3) Babala—Maliban kung ang singil ay kasama sa Pag-arkilang ito para sa pampublikong pananagutan o seguro sa pinsala ng ari-arian, ang bayad para sa saklaw ay hindi nakalaan sa Pag-arkilang ito.

**SA PAMAMAGITAN NG PAGPIRMA SA IBABA, KINIKILALA MO NA NABASA MO ANG LAHAT NG MGA TUNTUNIN NG PAG-ARKILANG ITO AT TUMANGGAP NG KUMPLETONG NAPUNAN NA KOPYA NG PAG-ARKILANG ITO BAGO PUMIRMA.**

**30. MGA PIRMA**

**A. ANG (MGA) PIRMA NG INDIBIDUWAL NA (MGA) UMAARKILA – Kumpletuhin para sa indibiduwal na pag-arkila LAMANG**

**X** \_\_\_\_\_ **X** \_\_\_\_\_  
Pirma ng Umaarkila Pirma ng Ka-Arkila

**B. ANG (MGA) PIRMA NG (MGA) UMAARKILA NA NEGOSYO – Kumpletuhin para sa pag-arkila sa negosyo LAMANG**

**X** \_\_\_\_\_ **X** \_\_\_\_\_  
Pirma ng Umaarkila Pangalan ng Awtorisadong Tagapirma & Titulo (Nakasulat) Pirma ng Ka-Arkila

**C. ANG PIRMA NG TAGA-ARKILA AT PAGTATALAGA**

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, ang kinilalang Tagapag-arkila sa itaas ay sumasang-ayon sa sumusunod: (1) Tinatanggap ng Tagapag-arkila ang Pag-arkilang ito; (2) Itinalaga ng Tagapag-arkila ang lahat ng karapatan, titulo at interes ng Pag-arkilang ito at ang Sasakyan sa Santander Auto Lease Titling Ltd. (“Itinalaga”) sa ilalim ng mga tuntunin ng Kasunduan sa Walang Dulugan na Pangunahing Dealer ng Santander Consumer USA Inc. na may bisa ayon sa pana-panahong binabago. Kinikilala ng Tagapag-arkila na ang Tagapag-arkila ay hindi isang ahente ng Itinalaga o tagapagserbisyo nito at wala sa alinman sa Kasunduan sa Walang Dulugan na Pangunahing Dealer ng Santander Consumer USA Inc. o ng pagtatalaga na ito ang ginagawang ahente ng Itinalaga o tagapagserbisyo nito ang Tagapag-arkila.

**X** \_\_\_\_\_  
Pirma ng Tagapag-arkila Pangalan ng Kinatawan ng Tagapag-arkila (Nakasulat) Titulo